

GABAY PARA MALAMAN NINYO ANG INYONG MGA KARAPATAN)  
MULA SA SF ANTI-DISPLACEMENT COALITION  
(KOALISYON NG SF LABAN SA PAGPAPAALIS SA TINITIRHAN )

## Pangha-harass o Panliligalig

### **KUNG NAKARARANAS KAYO NG PANGHA-HARASS O PANLILIGALIG**

- Hindi kayo puwedeng berbal o pisikal na i-harass o pagbantaan ng landlord o nagpapaupa, at hindi rin siya puwedeng tumawag ng pulis para puwersahin kayong umalis.
- Hindi kayo puwedeng makaranas ng diskriminasyon nang dahil sa inyong lahi, etnisidad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, lugar ng kapanganakan, katayuan ng imigrasyon o pagiging mamamayan, relihiyon, edad, pagiging magulang, pagpapakasal, pagbubuntis, kapansanan, AIDS o dahil may anak kayo.
- Pangha-harass ang mga banta ukol sa katayuan ng inyong imigrasyon at ilegal ang mga ito sa ilalaim ng ordinansa para sa mga pagpapaupa.

Pumunta sa [www.SFADC.org](http://www.SFADC.org) para sa listahan ng mga grupo na nagtataguyod ng mga karapatan ng umuupa sa San Francisco.

### **PALAGING TANDAAN NA MAGTAGO NG NAKASULAT NA REKORD!**

Makatutulong ang nakasulat na rekord para magawan ninyo ng dokumentasyon ang pangha-harass at maprotektahan ang sarili laban sa mga claim o ibinibintang ng inyong landlord.

- Itago ang mga kopya ng sulat na ipadadala ninyo sa inyong landlord.
- Itago ang mga resibo.
- Magkaroon ng log o talaan ng mga sinabi o ginawa ng landlord sa inyo, at isulat din ang lugar kung saan at petsa kung kailan nangyari ang insidente. Sa kaso ng pangha-harass, isulat ang pangalan ng sinumang nakasaksi.

Kapag nagpatuloy ang pagha-harass, sumulat ng liham sa landlord kung saan iniisa-isa ninyo ang hindi magaganda o nakasasakit na bagay na kanyang ginawa, kasama na ang mga petsa at oras. Kapag nagpatuloy ang kanyang pangha-harass, puwede ninyong pag-isipan ang paghahain ng petisyong decrease in services o pagbabawas ng mga serbisyo sa Lupon para sa mga Pagpapaupa (Rent Board) kung nasa ilalim kayo ng rent control (pangangasiwa sa mga pagpapaupa), ang paggawa ng aksiyon sa Korte para sa Paghahabol na Maliliit ang Halaga (Small Claims Court), o pagkonsulta sa abugado tungkol sa iba pang uri ng legal na aksiyon.

May karapatan kayong mag-file ng Restraining Order o Kautusan na Nagbibigay ng Proteksiyon sa Superior Court (korte para sa mga paglilitis ng kaso), at nang magkaroon ng mga restriksiyon ang pagkontak sa inyo ng inyong landlord. May makukuhang mga form sa Clerk ng Superior Court sa Superior Courthouse, na nasa kanto ng mga kalyeng Polk at McAllister.

## **PAGPASOK NG LANDLORD O NAGPAPAUPA SA INYONG TAHANAN**

Kailangang bigyan kayo ng landlord ng 24 oras na nakasulat na abiso para pumasok sa inyong unit, at puwede lamang siyang pumasok sa mga sumusunod na pagkakataon:

- Upang gumawa ng mga kinakailangan at napagkasunduang pagkukumpuni o serbisyo.
- Upang ipakita ang unit sa posibleng uupa, buyer, may hawak ng mortgage o pagkakasanla, tagakumpuni o kontratista.
- Upang inspeksiyunin ang unit nang dahil sa kahilingin ng umuupa para sa pagsasauli ng security deposit (halagang nagsisilbing proteksiyon sakaling may malabag sa kasunduan ang umuupa).
- Kung may kautusan ang korte na nagbibigay ng awtorisasyon sa pagpasok ng landlord.

Kapag ilegal na pumasok ang landlord sa inyong tahanan, dapat kayong sumulat ng liham na naggigiit ng 24 oras na abiso para sa mga pagpasok sa hinaharap at nagsaad na gusto ninyong matigil na ang mga ilegal na pagpasok.

Puwede rin ninyong igiit na mag-iskedyul lamang ang landlord ng pagpasok sa mga normal na oras para sa paggawa at mga transaksyon (Lunes hanggang Biyernes, 8am - 5pm). Puwedeng pumasok ang mga realtor o nagbebenta ng bahay sa mga araw ng Sabado at Linggo para maipakita ang unit sa mga limitadong pagkakataon.

## **PAGPUPUTOL SA MGA UTILITY NA KAGAYA NG TUBIG, GAS AT KORYENTE**

Hindi puwedeng putilin ng landlord ang alinman sa inyong mga utility (kagaya ng tubig, gas at koryente) para sa layunin ng pagpapaalis o pangha-harass sa inyo. Kung naputol na ang inyong utility, tawagan ang kompanya para sa utility at subukang ipakabit uli ito. Kapag hindi nangyari ito, subukang kumontak sa Komisyon para sa mga Pamublikong Serbisyo (Public Utilities Commission) sa 415-703-1170. Kung pinutulan kayo ng tubig, tumawag sa 415-551-4767, at ilagay ang bill o singil sa inyong pangalan.

- Ilista ang lahat ng insidente, petsa at haba ng panahon na naputol ang serbisyo sa inyo.
- Ipagbigay-alam sa inyong landlord sa pamamagitan ng sulat na alam ninyo ang inyong mga karapatan at ilegal ang pagputol sa inyong mga utility. Magtago ng kopya ng sulat para sa inyong mga rekord.
- Kung hindi nagbabayad ng singil sa utility ang landlord, puwede ninyong ipakabit muli ang mga utility sa inyong pangalan.
- Pumunta sa Lupon para sa Pagpapaupa (Rent Board) ng SF para magfile ng petisyon para sa 'decrease of services o pagbabawas ng mga serbisyo' (25 Van Ness Ave.) at para na rin sa posibleng pagbabawas sa ibinabayad na upa.

## **PAGKAKA-LOCKOUT O PAGKAKANDADO NG INUUPAHAN**

Hindi kayo puwedeng i-lock out ng landlord mula sa inyong tahanan. Kung na-lock out kayo:

- Sa ilalim ng Kodigo Penal (Penal Code) 418, nakagawa ang inyong landlord ng misdemeanor (maliit na paglabag sa batas) at posibleng maaresto.
- May karapatan kayong muling makapasok sa lugar kahit na kailangan ninyong puwersahin ang pagpasok. Magdala ng pruwera ng inyong pangungupahan sa lahat ng oras.
- Magtago ng rekord ng mga insidenteng ito.
- Sumulat ng liham sa landlord na nagsasabing alam ninyo ang inyong mga karapatan at gusto ninyong matigal na ang sitwasyon nang hindi na magkakaroon pa ng pangha-harass sa hinaharap. Magtago ng kopya nito.

ANG SAN FRANCISCO DISPLACEMENT COALITION AY GRUPO NG MGA ORGANISASYON NG NANGUNGUPAHAN AT KAALYADO NA NAG-ORGANISA LABAN SA NAKAKARAMI NANG PAGPAPAALIS AT PAGTATAAS NG UPA SA ATING LUNGSOD, NA HUMANTONG NA SA PAGKAKATANGGAL MULA SA KANILANG TIRAHAN NG LIBO-LIBONG TAGA-SAN FRANCISCO. HANAPIN KAMI SA [WWW.SFADC.ORG](http://WWW.SFADC.ORG)

IPINAGKALOOB ANG IMPORMASYON NG SAN FRANCISCO TENANTS UNION (UNYON NG MGA NANGUNGUPAHAN SA SAN FRANCISCO) AT NG HOUSING RIGHTS COMMITTEE (KOMITE PARA SA MGA KARAPATAN SA PABAHAY)